7

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 - Markahan , Linggo 5 - 9



SCHOOLS DIVISION `OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 7**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Carsten E. Piodo
Zeneth C. Cortes
**Editor:** Christopher D. Balatero
Merlinda T. Japay
Prescilla P. Capisnon
Rhey G. Eder
**Reviewers:**
**Layout Artist:** Jubell Cababat
Jay S. Mateo
Kevin L. Madera
**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |

**Printed in the Philippines by ________________________________**

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: #

| Linggo 5 | Nasusuri ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika |
|---|---|

Pangalan____________________________Pangkat:__________________________



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-7 baitang upang masusuri ang kalagayan at bahaging ginagampanan ng kababaihan mula sa sinaunang kabihasnan at ikalabing-anim na siglo. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan sa mga sinaunang kababaihan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 5**: Nasusuri ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pangekonomiya, at karapatang pampolitika.

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagbigay ng mga samahang pangkababaihan na naitatag sa ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
2. Nakapaglalarawan sa kalagayang panlipunan ng kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya.




## *Panimulang Pagtataya*

**Panuto:** Basahin ng mabuti ang bawat pangungusap. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa mga tanong o pahayag sa sagutang papel.

1. Ano ang layunin ng mga kilusang pangkababaihan?
   A. Itaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan
   B. Paglahok sa mga repormang panlipunan
   C. Nangangampanya para sa pagbabago
   D. Lahat ng nabanggit
2. Alin sa mga kilusang pangkababaihan ang nangampanya sa mga mambabatas upang makapagdulot ng mga pagbabago sa pamumuhay ng karaniwang kababaihang Indian?
   A. Women's Indian Association
   B. National Council of Indian Women
   C. Women's Indian Association at National Council of Indian Women
   D. Wala sa nabanggit
3. Anong bansa sa Timog Asya na may mababang katayuan ang kababaihan at pagsapit ng ika-19 na siglo nagging aktibo sila sa paglahok sa mga kilusang nagtataguyod ng repormang panlipunan?
   A. India B. Pakistan C. Sri Lanka D. Bangladesh
4. Sino ang namuno at nagbigay pagbabago sa pagtingin sa mga kababaihan na nagging rason upang sila ay mahirang sa matataas na posisyon ng pamahalaan?
   A. Zulfiqar Ali Bhutto
   B. Syed Ahmed Khan
   C. Sindhian Tehrik
   D. Shirkat Gah
5. Bakit hiniling ng mga partidong politikal sa Sri Lanka na magnomina ng mas maraming kababaihan na tatakbo sa eleksyon?
   A. Upang maging maligaya ang pamahalaan
   B. Para isulong ang kagandahan ng Sri Lanka
   C. Para maipahayag at mabigyan solusyon ang isyu tungkol sa mga kababaihan
   D. Dahil makapangyarihan ang kababaihan
6. Ano ang layunin ng kilusang Women's Front Liberation Tiger ng bansang Sri Lanka?
   A. Pagkalat ng propaganda
   B. Pangagamot
   C. Maghanap ng ponding pinansyal
   D. Lahat ng nabanggit
7. Paano nabuo ang kilusan ng kababaihan sa bansang Bangladesh?
   A. Sa pamamagitan ng kilusang nasyonalista
   B. Dahil sa magandang pamamahala
   C. Ito ay bunga ng kudeta
   D. Wala sa nabanggit

8. Ang rehiyon ng Arab ay binubuo ng mga bansang nabanggit sa pagpipilian, **MALIBAN** sa?
   A. Bahrain
   B. Egypt
   C. Sri Lanka
   D. Iraq
9. Sa anong rehiyon ng Arab illegal para sa mga kababihan ang makilahok sa eleksyon dahil sa kanilang kasarian?
   A. Kuwait
   B. Jordan
   C. Egypt
   D. Sri Lanka
10. Bakit inilunsad ang kilusang Arab Women Connect sa rehiyon ng Arab?
   A. Upang maisulong ang kamalayan ng kababaihan
   B. Para mamulat ang publiko sa mga kontrobersyal na isyu
   C. Para sa pagbabago lalo na sa diskriminasyon sa kababaihan
   D. Lahat ng nabanggit



# *Pagsusuri sa Teksto*

**Epekto ng mga Samahang Kababaihan at ng mga Kalagayang Panlipunan sa Buhay ng Kababihan Tungo sa Pagkakapantay-pantay, Pagkakataong Pang-ekonomiya, at sa Karapatang Pampolitika**

*Mga Kilusang Pangkababaihan*

Nakita ng mga kababaihan sa Asya ang kahalagahan ng pag-oorganisa upang maisulong ang kanilang interes at marinig ang kanilang mga boses. Sapagkat minsan na nilang naranasan ang iba't ibang anyo ng pang-aapi at diskriminasyon sa lipunan at sa kanilang pamilya. Mahalaga ang pagkakaroon ng mga kilusang pangkababaihan sapagkat sila ang pangunahing tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan. Alamin natin ang ilan sa mga kilusang ito sa ilang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

**TIMOG ASYA**

*India*

- Mababa ang katayuan sa lipunan ng kababaihan sa India.Subalit pagsapit ng ika-19 na siglo, naging aktibo ang mga kababaihan sa bansa sa paglahok sa mga kilusang nagtataguyod ng repormang panlipunan.
- Ang ilan sa mga kilusang naitatag ay ang ***Bharat Aslam*** ni Keshab Chunder Sen ng Bramo Samaj(1870); ang ***Arya Mahila Samaj*** na itinatag ni Pandita Ramabai at ***Justice Ranade***(1880); ***Bharat Mahila Parishad***(1905) at ***Anjuman-e-Khawatin-e-Islam*** na itinatag ni Amir-un-Nisa. Ang mga kilusang ito ay nakatulong sa kababaihan upang maisulong ang karapatan sa edukasyon.
- Ang ***Women's Indian Association*** (1917) at ang ***National Council of Indian Women*** (1925) ay nangampanya sa mga mambabatas upang makapagdulot ng mga pagbabago sa pamumuhay ng karaniwang kababaihang Indian. Tinalakay ng All India

Women's Conference ang mga isyu sa paggawa, rekonstruksyon ng mga kanayunan, opyo, at batas ukol sa bata o maagang pagpapakasal. Noong 1851, ang mga unyon sa industriya ng tela ay nangampanya laban sa child labor.

- Binigyang pansin naman ng ***Indian Factory Act*** (1891) ang hindi makatuwirang bilang ng oras ng pagtatrabaho ng kababaihan. Binigyang pansin naman ng ***All Indian Coordination Committee*** ang mga isyu tulad ng benepisyo sa pagbubuntis, pantay na sahod at mga pasilidad ng day care. Nanguna si Sarojini Naidu sa paghimok sa mga kababaihang gumagawa at bumibili ng asin na huwag bayaran ang buwis bilang protesta sa pamahalaang English. Pinamunuan din niya ang ***Women's India Association*** na mangampanya upang ang kababaihan ay mabigyan ng karapatang bomoto noong 1919. Noong 1950, ang karapatang bomoto ay iginawad sa kababaihan.
- Ipinagbawal naman ng ***Factories Act ng 1948*** ang pagtatrabaho ng kababaihan sa mga delikadong makinarya habang umaandar ang mga ito. Nagbigay rin ito ng wastong pasilidad na pangkalinisan, daycare, kompulsaryong maternity leave.
- Nagtalaga naman ang ***Mine's Act of 1952*** ng hiwalay na palikuran para sa lalaki at babae. Ginawang legal ng Hindu Marriage Act of 1955 ang diborsyo. Noong 1970, itinatag ang mga kilusan tulad ng ***Kilusang Shahada***, ***Shramik Sangatana***(1972), ***Self-Employed Women's Association***(1972), ang ***United Women's Anti-Price Rise Front***(1973) at ang ***Nav Nirman***(1974). Tinutulan ng mga kilusang nabanggit ang mga isyu gaya ng karahasan sa tahanan at di- makatarungang pagtaas ng presyo ng bilihin.

*Pakistan*

- Ang partisipasyon ng mga kababaihan sa Pakistan ay bunga ng pakikipaglaban sa mga mananakop bago ang 1947.
- Ang kababaihang Muslim ay naging aktibo sa paghingi ng pagbabago sa edukasyon. Pinamunuan sila ni ***Syed Ahmed Khan***. Aktibo rin sila sa ***Kilusang Khilafat*** bilang pagsuporta kay Turkish Khilafat, na naging simbolo ng *pagkakaisa ng mga Muslim*. Gayundin, naging aktibo sila sa paghingi ng isang malayang Pakistan. Ang Pakistan ay may malakas na kilusan ng mga kababaihan na nakatulong upang ipagtanggol ang proseso ng demokrasya sa bansa.
- Sa panahon ng pamumuno ni ***ZulfiqarAli Bhutto*** (1971-1977), nagkaroon ng mga pagbabago sa pagtingin sa kababaihan. Sa pamamagitan ng 1973 Saligang- Batas, may mga probisyon ito na nagbigay ng pantay na karapatan sa kababaihan, kasama na rin ang paglalaan ng sampung posisyon para sa mga kababaihan sa National Assembly at sampung bahagdan(10%) sa Asembleang Panlalawigan. Ang kababaihan ay nahirang sa matataas na posisyon sa pamahalaan. Ang ilan sa mga samahang itinatag ng kababaihan sa gitnang bahagi ng 1970 na pinamunuan ng mga may pinag-aralan ay ang sumusunod:***United Front for Women's Rights***(UFWR), ang ***Women's Front, Aurat*** at ***Shirkat Gah*** na sa kalaunan ay naging instrumento sa pagkakaroon ng ***Women's Action Forum***.
- Pagkatapos ng 1988 eleksyon, isinilang ng ***WAF*** ang kanilang Charter Demands, na kung saan ay inilahad nila ang isang komprehensibong programang politikal para sa mga kababaihan. Dahil sa impluwensiya ng WAF, ang ***Sindhian Tehrik***, isang partido pulitikal sa Sindh ay nagtagumpay sa kanilang kampanya laban sa maagang pag-aasawa (child marriage) at poligamya, gayundin ang karapatan ng kababaihan sa pagpili at pagpayag sa mapapangasawa.

- Dahil sa kahinaan ng *Civil Society* at mga partidong politikal, gayundin ang mapaniil na kapasidad ng estado; ang mga kilusang kababaihan sa bansa ay kritikal na patuloy na nagtatanggol sa mga karapatang pantao karapatan ng mga minorya sa Pakistan.

*Sri Lanka*

- Ang kababaihan sa Sri-Lanka ay hindi gaanong nakalalahok sa politika. Kaalinsabay ng patuloy na digmaang sibil ay ang patuloy na paglabag sa mga karapatan ng kababaihan. Pumapangalawa lamang sila sa mga kalalakihan pagdating sa papel na ginagampanan sa sistemang politikal.
- Noong 1994 eleksyon, nagkaroon ng pagkakataon ang kababaihan na ipahayag ang mga isyu tungkol sa kanila. Ang mga isyung ito ay may kinalaman sa mga karahasang nagaganap laban sa kanila. Hiniling nila ang mga partidong politikal na magnomina sa mas maraming kababaihan na tatakbo sa eleksyon at isama sa kanilang plataporma ang mga isyung kinakaharap ng mga ito.
- Dahil dito, pinalakas ng nahalal na People's Alliance ang probisyon ng Kodigo Penal na may kinalaman sa pang-aabuso sa kababaihan at mga pagbabago sa batas na may kinalaman sa panggagahasa at sexual harassment at iba pa. Hinirang din ng bagong pamahalaan ang tatlong kababaihang ministro at apat na deputy ministers sa gabinete. Ang isa sa mahalagang samahan na naitatag noong 1984 sa bansa ay ang ***Mother's Front*** bilang protesta sa pagkawala ng miyembro ng isang pamilya na inaresto at ikinulong ng mga sundalo.
- Samantala, ang ***Sri-Lanka Women's NGO Forum*** na binuo ng iba't ibang samahan ay naging aktibo sa pagtataguyod ng partisipasyon ng mga kababaihan sa politika.
- Noong1983, itinatag ng ***LTTE ang Women's Front of the Liberation Tigers***. Maraming kababaihan ang sumapi rito na sa simula ay aktibo lamang sa pagkalat ng mga propaganda, panggagamot at maghanap ng pondong pinansyal. Sa kalaunan, sila ay naging aktibo na rin sa pakikipagdigma tulad ng kalalakihan. Para sa kanila, ang kapakanan ng bansa ang dapat manguna bago ang lahat. Ipinakita ng kababaihan sa kanilang pagsanib sa LTTE ang pagsuway sa kapangyarihan ng kalalakihan. Ayon sa pahayag ng LTTE noong Marso 8,2004, habang ang kababaihang Tamil ay nakikipagdigma upang palayain ang kanilang teritoryo, ito ay nangangahulugan rin ng pagpapalaya ng kanilang mga sarili sa anumang uri ng opresyon at di makatarungang pagkilos na dulot ng lipunan.
- Nararapat lamang na lumaban ang kababaihan upang magkaroon ng pagbabago sa lipunan at wasakin ang mapaniil na istrukturang sosyal. Para sa kababaihan, ang naging implikasyon ng digmaang sibil ay ang pagkakaroon ng panibagong direksyon sa isyu ng kababaihan. ***Ang Women for Peace*** na itinatag noong Oktubre, 1984 ay nagsilbing bantay sa militarisasyon ng Sri-Lanka. Naging aktibo rin sila sa iba't iba pang mga samahang nagtatanggol ng mga karapatang pantao at karapatang sibil.

*Bangladesh*

- Ang kilusan ng kababaihan sa Bangladesh ay isinilang bunga ng kilusang nasyonalista. Noong 1970 ang makakaliwang ***Mahila Parishad*** ay itinatag. Ito ang itinuturing na pinakamalaking samahan ng kababaihan sa bansa. Naimpluwensiyahan nito ang pagpapatupad ng mga polisiya sa pamahalaan kabilang ang kampanya na sumuporta sa pagsasabatas ng pagbabawal ng pagbibigay ng dote at ratipikasyon ng CEDAW (***Convention on the Elimination of all Forms of Discrimination Against Women***).
- Ang pagdami ng mga samahang kababaihan sa Bangladesh ay tugon ng mga ito sa mga kaganapan sa bansa simula pa noong 1980. Ang mga samahan ng mga

kababaihan ay instrument sa pagpapatalsik kay Hussain Ershad dahil sa pamumulitika gamit ang relihiyong Islam at ang pagpigil sa demokrasya. Sa pamamagitan ng ***United Women's Forum***, hiniling nila ang ratipikasyon ng CEDAW, magkakaparehong Kodigo Sibil at dagdag sa kota ng kababaihan sa Serbisyo Sibil.

- Maliban sa samahang ito, naitatag din ang ***Collective Women's Platform*** na pumipigil sa anumang uri ng karahasan sa kababaihan.
- Isinilang din ang ***Platform Against Sexual Harassment***.


**KANLURANG ASYA**

*Arab Region*

- Ang rehiyong ito ay binubuo ng mga bansang **Bahrain**, **Egypt**, **Iraq**, Jordan, **Kuwait**, **Lebanon**, **Oman**, **Palestinian Territories**, **Qatar**, **Saudi Arabia**, **Syria**, **United Arab Emirates** at **Yemen**.
- Sa rehiyong ito, ang partisipasyon sa pulitika at paghahanapbuhay ng kababaihan ay hindi halos nagbago. Milyong kababaihan ang nangangailangan pang ipaglaban ang kanilang mga karapatan.
- Sa ***Kuwait at Saudi Arabia***, illegal para sa kababaihan ang makilahok sa eleksyon dahil sa kanilang kasarian. Bagamat, ang mga pamahalaan sa rehiyong Arab, ay hindi pa rin tanggap ang ideya ng pagpapalaganap sa mga karapatang pantao; noong 1982 pagkatapos ng pagpupulong ng mga grupo ng civil society sa karapatang pantao na ginanap sa Cyprus, unti-unting tinanggap ng mga pamahalaang lokal at rehiyonal ang mga adbokasiya ng mga nangangalaga sa karapatang pantao, kabilang dito ang mga samahang kababaihan sa Israel.
- Sa pamamagitan ng ***Isha L'Isha-Haifa Feminist Center***, pinangunahan nila ang implementasyon ng ***Security Council Resolution 1325***. Hinikayat nila ang kababaihan na makilahok sa negosasyon at talakayan tungkol sa sigalot sa pagitan ng Israel at Palestine. Sa pamamagitan nito, maipamumulat ang epekto ng sigalot lalo na sa kababaihan at kung paano nila maipagtanggol ang kanilang karapatan.
- Maraming NGO na samahang kababaihan, samahang pangkapayapaan at ***Women's Coalition for a Just Peace*** ang aktibo sa Israel. Karamihan sa kanila ay patuloy na nakikipagdayalogo sa kababaihang Palestinian upang magkaroon ng solusyon sa problema na maaaring maging instrument sa pagkakaroon ng kapayapaan. Bagamat, ang mga Samahan sa Karapatang Pantao sa Kanluran ay napangingibabawan ng mga kalalakihan, ang mga samahan ng kababaihan ay untiunti nang kinikilala. May malakas na koalisyon ng mga NGO na nagsusulong ng karapatang pantao at karapatan ng kababaihan sa Bahrain, Egypt, Jordan at Yemen.
- Sa panig ng grupo ng kababaihan, pinag-aralan nila ang mga batas at polisiya na nagdudulot ng diskriminasyon sa kababaihan. Sila ay humingi ng mga pagbabago na mangangalaga sa pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga babae, gayundin ang pagbibigay ng pagkakataon na makilahok sa pulitika at sosyo-ekonomik na kapangyarihan. Sa loob ng sampung taong pakikibaka, ang kababaihan sa ***Bahrain, Omar at Qatar*** ay nagtagumpay na magkaroon ng karapatang bomoto.
- Samantala, ang kababaihan naman sa ***Egypt at Jordan*** ay nabigyan ng karapatan sa diborsyo, at ang karapatan bilang mamamayan ng kababaihan ay naibigay rin sa taga-***Bahrain, Egypt at Lebanon***.
- 6. Sa ***Jordan***, nanguna si ***Reyna Rania Al- Abdulla*** sa kampanya laban sa pangaabuso sa kababaihan. Sa Egypt, pinamunuan naman ni ***Susan Mubarak*** ang

*National Council on Women* sa kampanya na baguhin ang batas pampamilya at pagbabawal sa pagkapon sa mga kababaihan.

- Samantala sa ***UAE***, ang namuno ay si ***Sheikha Fatima Bint Mubarak*** ang nanguna sa pagbibigay ng karapatan na makapag-aral sa kolehiyo at magkaroon ng karapatang ekonomiko ang kababaihan.
- Dahil sa nabanggit na mga inisyatibong ng mga ***Unang Ginang*** sa kani-kanilang bansa, nakatulong sila sa pagbibigay solusyon sa mga isyung kinakaharap ng kababaihan. Gayundin nagkaroon ng dagdag na alokasyon ng badyet para sa edukasyon at kalusugan ng mga tao.
- Noong 2000, inilunsad ang ***Arab Women Connect***, isang pangrehiyong network upang maisulong ang kamalayan ng kababaihan tungkol sa kanilang dapat na taglaying mga karapatan. Ito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng kababaihan sa Egypt, Jordan, Lebanon, Palestine, Qatar, UAE at Yemen. Ang kapasidad ng mga samahang kababaihan upang maimulat ang publiko sa mga kontrobersyal na isyu ay nagkaroon ng pagbabago lalo na sa mga isyu tungkol sa diskriminasyon sa kababaihan at pambubugbog at pananakot sa asawa maliban na lamang sa mga bansang Kuwait, Oman, Saudi Arabia at Syria.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

### Gawain 1: PAGPUNO SA TSART

Pangkalahatang Panuto: Batay sa iyong pagbabasa at pag-unawa sa teksto, Punan ang talahanayan at isulat ang hinihingi sa sumusunod na tsart.

| **Bansa** | **Kalagayang Panlipunan** | **Samahang kababaihan** | **Tagapagtatag/ Pinuno** | **Layunin** |
|---|---|---|---|---|
| **Timog Asya:** | | | | |
| **Kanlurang Asya:** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano- ano ang mga samahang kababaihan na naitatag sa ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Ano ang layunin ng nabanggit na mga samahan?
2. Paano mo ilalarawan ang kalagayang panlipunan ng kababaihan sa nabanggit na mga bansa?
3. Ano ang naging epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika ng mga taga Timog at Kanlurang Asya?
4. Paanong ang mga samahang kababaihang naitatag ay nakatulong sa patuloy na transpormasyon sa nabanggit na mga rehiyon?

**Gawain 2: SUPER BINIBINING ASYANO**

Gumuhit ng isang babaeng *super hero* na ang pangalan ay Super Binibining Asyano. Ang kanilang Kasuotan ay dapat nagpapakita ng natatanging *super power* o mga kapangyarihang taglay ng isang babaeng Asyano. Gawin ito sa Malinis na papel.

**Pamantayan: *Super Binibining Asyano***

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Nilalaman | 10 |
| Organisasyon ng mga ideya | 5 |
| Pagkamalikhain | 5 |
| Kabuuan | 20 |



## ***Paglalahat / Repleksyon***

Gawain: Muling balikan ang mahahalagang teksto sa mga na unang Gawain. Pitasin sa mga tekstong ito ang mga mahalagang bagay na iyong natuklasan at natutunan sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at kanlurang Asya ( Ika-16 hanggang Ika-17 Siglo) kababaihan.

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1.______________________________

2.______________________________

3.______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…


1.______________________________

2.______ 10 ______________________

1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1.______________________________



## Panapos na Pagtataya

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Bakit hiniling ng mga partidong politikal sa Sri Lanka na magnomina ng mas maraming kababaihan na tatakbo sa eleksyon?
   A. Upang maging maligaya ang pamahalaan
   B. Para isulong ang kagandahan ng Sri Lanka
   C. Para maipahayag at mabigyan solusyon ang isyu tungkol sa mga kababaihan
   D. Dahil makapangyarihan ang kababaihan
2. Ano ang layunin ng kilusang Women's Front Liberation Tiger ng bansang Sri Lanka?
   A. Pagkalat ng propaganda
   B. Pangagamot
   C. Maghanap ng ponding pinansyal
   D. Lahat ng nabanggit
3. Paano nabuo ang kilusan ng kababaihan sa bansang Bangladesh?
   A. Sa pamamagitan ng kilusang nasyonalista
   B. Dahil sa magandang pamamahala
   C. Ito ay bunga ng kudeta
   D. Wala sa nabanggit
4. Ang rehiyon ng Arab ay binubuo ng mga bansang nabanggit sa pagpipilian, **MALIBAN** sa?
   A. Bahrain B. Egypt C. Sri Lanka D. Iraq
5. Sa anong rehiyon ng Arab illegal para sa mga kababihan ang makilahok sa eleksyon dahil sa kanilang kasarian?
   A Kuwait B. Jordan C. Egypt D. Sri Lanka
6. Bakit inilunsad ang kilusang Arab Women Connect sa rehiyon ng Arab?
   A. Upang maisulong ang kamalayan ng kababaihan
   B. Para mamulat ang publiko sa mga kontrobersyal na isyu
   C. Para sa pagbabago lalo na sa diskriminasyon sa kababaihan
   D. Lahat ng nabanggit
7. Ano ang layunin ng mga kilusang pangkababaihan?
   A. Itaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan
   B. Paglahok sa mga repormang panlipunan
   C. Nangangampanya para sa pagbabago

D. Lahat ng nabanggit

8. Alin sa mga kilusang pangkababaihan ang nangampanya sa mga mambabatas upang makapagdulot ng mga pagbabago sa pamumuhay ng karaniwang kababaihang Indian?

A. Women’s Indian Association
B. National Council of Indian Women
C. Women’s Indian Association at National Council of Indian Women
D. Wala sa nabanggit

9. Anong bansa sa Timog Asya na may mababang katayuan ang kababaihan at pagsapit ng ika-19 na siglo nagging aktibo sila sa paglahok sa mga kilusang nagtataguyod ng repormang panlipunan?

A. India B. Pakistan C. Sri Lanka D. Bangladesh

10. Sino ang namuno at nagbigay pagbabago sa pagtingin sa mga kababaihan na nagging rason upang sila ay mahirang sa matataas na posisyon ng pamahalaan?

A. Zulfiqar Ali Bhutto
B. Syed Ahmed Khan
C. Sindhian Tehrik
D. Shirkat Gah

# Susi sa Pagwawasto

***Paunang pagtataya***

| |
|---|
| D |
| C |
| A |
| A |
| C |
| D |
| A |
| C |

***Panapos na pagtataya***

| |
|---|
| D |
| A |
| C |
| A |
| D |
| D |
| C |
| A |
| A |

# Sangguniang

Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon., Grace Estela C. Mateo et. al.

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng magaaral. Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of EducationInstructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

James B. Minahan (2014). Ethnic Groups of North, East, and Central Asia: An Encyclopedia. Santa Barbara, California: ABC-CLIO. Margaret Kleffner Nydell. 2005. Understanding Arabs: A Guide for Modern Times. Boston: Intercultural Press.

| Linggo 6 | **Napapahalagahan ang Bahaging Ginampanan ng Nasyonalismo sa Pagbibigay Wakas sa Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya** |
|---|---|

Pangalan__________________________Pangkat:________________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-7 baitang upang masusuri ang kalagayan at bahaging ginagampanan ng kababaihan mula sa sinaunang kabihasnan at ikalabing-animna siglo. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan sa mga sinaunang kababaihan.


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 6**: Napapahalagahan ang bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakakikilala sa mga lider nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya na naging inspirasyon ng mga Asyano.

2. Nakapagbibigay halaga sa mga baging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.



## *Panimulang Pagtataya*

**Panuto:** Basahin ng mabuti ang bawat pangungusap. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa mga tanong o pahayag sa sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang nasyonalismo?
   A. Pagmamahal sa saring bayan
   B. Damdaming naghahangad ng pambansang kaunlaran
   C. Pakilos sa anumang banta
   D. Lahat ng nabanggit
2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng damdaming nasyonalismo?
   A. Pakikipaglaban para sa karapatan
   B. Paggamit ng produktong internasyonal
   C. Paggamit ng bawal na gamot
   D. Hindi pagsunod sa batas
3. Maitururing ba na larawan ng nasyonalismo ang pagsiklab ng mga digmaang pandaigdig?
   A. Hindi, dahil nagging magulo ang bansa
   B. Hindi, dahil dito nagmula ang mga digmaan
   C. Oo, dahil ito'y isa sa mga salik ng pagsiklab ng mga digmaan
   D. Oo, dahil digmaan ang sagot sap ag unlad ng bansa
4. Sino sa mga lider sa Timog at Kanlurang Asya ang tagapagpaganap sa pagpipigil ng kalupitan sa pamamagitan ng malawakang sibil?
   A. Mahatma Gandhi
   B. Muhammad Ali Jinnah
   C. Mustafa Kemal Ataturk
   D. Ayatollah Ruhollah Khomeini
5. Sino sa mga lider sa Timog at Kanlurang Asya ang nagbigay kalayaan sa bansang Turkey na nagging kapitan ng Ottoman Army?
   A. Mahatma Gandhi
   B. Muhammad Ali Jinnah
   C. Mustafa Kemal Ataturk
   D. Ayatollah Ruhollah Khomeini



## *Pagsusuri sa Teksto*

### Napapahalagahan ang Bahaging Ginampanan ng Nasyonalismo sa Pagbibigay Wakas sa Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa ang isang kahulugan ng **nasyonalismo**. Isa itong mahalagang impluwensyang hatid ng pamamayani nito sa mundo. Ang **nasyonalismo** ay isang damdamin na naghahangad pambansang kaunlaran at kasarinlan. Isinaalang-alang nito ang kapakanan ng bansa.

Sa pampulitikang pananaw, nangangahulugan ito nang kusang pagkilos laban sa anumang banta ng pananakop maging pangkabuhayan, pampulitika, at pangkultura. Mahalaga ang damdaming ito sa pagpapanatili ng katatagan ng isang bansa o estado. Maipamamalas sa iba't ibang paraan ang kamalayang pambansa o damdaming nasyonalismo: ang pagkakaroon ng isang mapagkakakilanlang ipinagmamalaki.

Ang nasyonalismo ay isa sa mga katangian ng kanluraning daigdig noong ika-19 na dantaon. Ang damdaming ito ay nakalikha ng pambansang pagkakaisa, kalayaan, at pagsulong. Ang damdamin ding ito ang naging pangunahing dahilan ng mga pandaigdigang himagsikan – ang Una at Ikalawang Digmaan.


Sa hanay ng mga katutubong kinatulong sa pamamahala sa kolonya ng mga kolonyalista, gayundin sa hanay ng mga nakapag-aral, lumitaw ang pangkat na may kakayahang manguna sa gawaing pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkultura. Ilan sa kanila ang nakapag-aral sa Europa at nalantad sa mga ideolohiya ng nasyonalismo at sosyalismo. Kung tutuusin, nailalahad ito sa mga karanasan nina Gandhi, Sun Yat-Sen, at Dr. Jose Rizal. Gayundin, ang matinding banta sa pag-iral ng kanilang bayan ang nagbunsod sa iba pa upang itaguyod ang nasyonalismo. Kabilang dito sina Kemal Ataturk ng Turkey, Reza Pahlavi ng Iran, at Chulalongkorn ng Thailand.

Isa pa ring maituturing na larawan ng nasyonalismo ang pagsiklab ng mga digmaang pandaigdig. Sinasabing ang pagsibol ng nasyonalismo ang isa sa mga salik ng pagsiklab ng una at ikalawang digmaang pandaigdig. Baganap laganap ang imperyalismo kung saan malakas na bansa ay naglalaban-laban sa pagsakop ng mga kolonya, tumindi naman ang

kompetensya bunga ng nasyonalismo sapagkat ang isang bansa ay ayaw padaig at patalo sa iba.

## Mga Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya


Sa mga pagpapakita ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya, nakilala ang mga lider nasyonalista na nagging inspirasyon ng mga Asyano sa kanilang pamumuhay. Kilalanin natin ang mga nasabing nasyonalista.



***MAHATMA KARAMCHAD GANDHI***


amchand (2 Oktubre 1869 – 30 Enero 1948) ay isang pangunahing politikal at espirituwal na pinuno sa Indiya, at ng kilusang pagpapalaya sa Indiya.

- Siya ang tagapagpaganap ng SATYAGRAHA- ang pagpipigil sa kalupitan sa pamamagitan ng malawakang sibil na hindi pagsunod na malakas na nakatatag sa ahimsa (ang kabuang kawalan ng karahasan), na nagdulot sa pagiging malaya ng Indiya, at nagbigay-diwa sa mga kilusan para sa mga karapatang sibil at kalayaan sa buong mundo.
- Siya ay natatag ng HUNGER STRIKE sa panahon ng sila ay sinakop ng mga englis.
- Naging lider ng "Indian National Congress" noong 1921.



***MUHAMMAD ALI JINNAH***


- Nabuhay siya noong Disyembre 25 1876 – Septyembre 11 1948.
- Namunong ipahayag ang pagmamahal sa bayan.
- Tinaguriang Ama ng Pakistan noong Agusto 14, 1947 at tinanghal na kauna-unahang gobernador heneral ng Pakistan.
- Noong 1905 siya namuno sa *Muslim League* isang pangkat samahan.
- Layunin ng samahan ang magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim.



***MUSTAFA KEMAL ATATURK***

- Mustafa Kemal Ataturk • Siya ay isinilang sa Salonika, bahagi ng imperyong Ottoman noon, ngayon ay Ssloniki, Greece.

- Nag-aral sa Monastir High School noong taong 1899.Taong 1905 nang matapos ng pag-aaral sa Ottoman Military College si Mustafa, at naging ganap na isang sundalo.
- Naging kapitan ng Ottoman Army at nagsilbi sa $5^{th}$ army sa Damacus hanggang noong 1907.
- Siya ang nagbigay-daan sa kalayaan ng turkey, sa kabila na ang bansang ito ay binabalak paghatihatian ng mga Kanluraning bansa tulad ng France, Great Britain, Greece, at Armenia.
- Siya ang tumawag ng halalang pambansa at hiwalay na parliament, at dito ay nagsilbi siyang tagapagsalita.




***AYATOLLAH RUHOLLAH KHOMEINI***

- Isinilang noong Setyembre 24, 1902, lumaki sa pangangalaga ng kaniyang ina at tiyahin, matapos mamatay ang kaniyang ama sa kamay ng mga bandido.
- Nang mamatay ang kaniyang ina siya ay naiwan sa pangangalaga at pagsusubaybay ng kaniyang nakatatandang kapatid.
- Noong 1962 nagsimula si Ayatollah na maging aktibo sa larangan ng politika.
- Kasama siya sa mga pagkilos at pagbatikos sa mga karahasang isinasagawa ng kanilang Shah sa mga mamamayan at ang tahasang pagpanig at pangangalaga nito sa interes ng mga dayuhan tulad ng Estados Unidos.
- Gumawa ng makasaysayang pagtatalumpati noong Hunyo 3, 1963 laban sa patuloy na pagkiling ng Shah ng Iran sa mga makadayuhang pakikialam at pagsuporta nito sa Israel. Sa pamamagitan ng gawaing ito ay naaresto at nakulong si Ayatollah na umani ng malawakang pagsuporta ng mga mamamayan na naging sanhi ng kaguluhan sa bansa.



***IBN SAUD***

- Siya ay isang pinakaunang hari sa Saudi Arabia.
- Ngayon ang bagong pangalan niya ay “Abdul-Aziz Ibn Saud.
- Sa kalaunang panahon ng kanyang paghahari at pamumuno, natuklasan ang petrolyo sa Saudi Arabia noong 1938, at nakita ng kanyang pamahalaan ang simula ng malakihang pakinabang ng likas na yamang ito pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- Ama si Ibn Saud ng maraming mga supling o anak, kabilang na ang lahat ng mga hari ng Saudi Arabia na namuno pagkaraan niya.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1: Data Retrieval Chart**

Lagyan ng tamang impormasyon kung ano ang naging manipestasyon ng mga lider nasyonalista sa pagwakas ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.


| LIDER NASYONALISTA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA | MANIPESTASYON NG NASYONALISTA |
|---|---|
| 1. Mohandas Karamchad Ghandhi | |
| 2. Mohamed Ali Jinnah | |
| 3. Mustafa Kemal Ataturk | |
| 4. Ayatollah Rouholah Mousari Khomeini | |

**Gawain 2: Iguhit, Poster Mo!**

Gumuhit na isang larawan na nagpapakita ng pagiging makabayan at lagyan ng kapsyon ng pagsasakatuparan nito sa tahanan, pamayanan, at paaralan. Gamitin ang pamantayan upang maging batayan ng iyong larawan.

**PAMANTAYAN**

| **PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
|---|---|
| Ebidensya ng kakayahang maglapat ng kaalaman sa bagong sitwasyon | 10 |
| Malinis at maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay | 10 |
| Malikhain at may malakas na pang-akit | 5 |
| Epekto sa nagwawasto | 5 |
| *Kabuuan* | 30 |



## ***Paglalahat / Repleksyon***

Gawain: Muling balikan ang mahahalagang teksto sa mga na unang Gawain. Pitasin sa mga tekstong ito ang mga mahalagang bagay na iyong natuklasan at natutunan sa pagpapahala sa mga bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

**3** — 3 bagay na nakita ko


Natuklasan ko…
1.______________________________
2.______________________________
3.______________________________

**2** — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…
1.______________________________
2.______________________________

**1** — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
1.______________________________



# Panapos na Pagtataya

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sino sa mga lider sa Timog at Kanlurang Asya ang nagbigay ng maksaysayang talumpati na nagging sanhi ng kanyang pagkaaresto na umani ng malawakang suporta sa kanyang mga mamayanan?
   A. Mahatma Gandhi
   B. Muhammad Ali Jinnah
   C. Mustafa Kemal Ataturk
   D. Ayatollah Ruhollah Khomeini
2. Bakit natin ipinapakita ang damdaming nasyonalismo?
   A. Upang lahat tayo ay magkaisa
   B. Para magkaroon ng kalayaan
   C. Para mapanatili ang kaayosan
   D. Lahat ng nabanggit
3. Alin sa sumusunod ang naglalahad ng katotohanan sa pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo?
   A. Nagbakasyon ang pamilya ni Lito sa ibang bansa
   B. Ang imported na tsokolate galing Europa ang paborito ni Lina
   C. Kumakanta si Joseph ng mga local na tugtugin
   D. Hindi sumusunod sa batas trapiko ang kuya ni Kiko.
4. Ito ay samahan na ang layunin ay magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim
   A. Muslim League
   B. Group of Muslim
   C. The Muslim
   D. Muslim Assembly
5. Paano ipinakita ng mga lider nasyonalista ang kanilang damdaming nasyonalismo?
   A. Sa pag-mamanipula sa mga mamayanan
   B. Ginamit ang batas para sa pansariling kapakanan
   C. Pagtanggol sa sariling bayan
   D. Paggamit ng karahasan

## *Susi sa Pagwawasto*

***Paunang pagtataya***

D
A
C
A
C

***Panapos na pagtataya***

D
D
C
A
C

. ***Sangguniang***

Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan,Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon.,Grace Estela C. Mateo et. al.

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng magaaral. Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of EducationInstructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

James B. Minahan (2014). Ethnic Groups of North, East, and Central Asia: An Encyclopedia. Santa Barbara, California: ABC-CLIO. Margaret Kleffner Nydell. 2005. Understanding Arabs: A Guide For Modern Times. Boston: Intercultural Press.

| Linggo 7 | **Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay** |
|---|---|

Pangalan__________________________Pangkat:________________________



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-7 baitang upang masusuri ang kalagayan at bahaging ginagampanan ng kababaihan mula sa sinaunang kabihasnan at ikalabing-anim na siglo. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan sa mga sinaunang kababaihan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1**: Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

3. Maihahambing ang iba't ibang tradisyon sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Nailahad ang ugnayan ng edukasyon sa aspekto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya.



## *Panimulang Pagtataya*

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?
    a. Ito ay nagsisilbing instrument sa pagsulong ngnasyonalismo at interes ng bansa.
    b. Pinapaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan.
    c. Magandang negosyo ang mga pampribadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamhalaan.
    d. Pinalalaki nito ang oportunidad ng mga tao na mangibang bansa.
2. Bakit itinituring na mahalaga ang relihiyon sa aspekto ng pamumuhay sa mga asyano?
    a. Dahil sa pamamagitan nito ay makikita ang paggalang ng bawat isa sa ibang relihiyon na iba ang paniniwala, paraan ngpag-iisip at pagkilos.
    b. Dahil sa kalimitan sa mga tao ay binubu ang relihiyong kristiyanismo o pagiging kristiyano.
    c. Dahil makatulong rin ito sa pagbubuklod buklod ng mga tao ayon sa kung ano ang paniniwalaan nla.
    d. Dahil sa pamamagitan nito ay magiging relihiyoso ang mga tao at mas may paniniwala sila sa diyos kesa sa sinasamba ng ibang relihiyon.

3. Sino ang nagtatag ng kilusang ***WAHHABIYYA*** noong ika-18 na siglo?
   a. Abubhakar  b. Abd AI-Wahhab  c. Mahatma Gandhi  d.Marco Polo
